



INILABAS NA BALITA

ILALABAS KAAGAD: Mayo 14, 2018

MAKIPAG-UGNAYAN KAY: Ralph Borrmann - 415.749.4900

Inayos ng Air District ang kaso sa Phillips 66 Company

Magbabayad ang refinery ng \$99,400 para sa mga paglabag sa kalidad ng hangin

SAN FRANCISCO – Ngayong araw inanunsyo ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area (Bay Area Air Quality Management District) na pumayag ang Phillips 66 Company na magbayad ng \$99,400 para ayusin ang mga paglabag sa kalidad ng hangin sa refinery nito sa Rodeo.

Inayos ng Air District ang grupo ng 13 Paunawa ng Paglabag na ibinigay sa Phillips 66 Company para sa mga paglabag sa kalidad ng hangin na nangyari sa refinery nito sa Rodeo noong 2015.

“Araw-araw pumupunta ang mga inspector ng Air District sa lugar ng mga lokal na refinery para matiyak ang pagsunod sa mga regulasyon sa kalidad ng hangin,” ang sabi ni Jack Broadbent, tagapagpaganap na opisyal ng Air District. “Kapag mangyayari ang mga paglabag, ang uunahin namin ay pigilan ang paglabag para protektahan ang mga residente sa mga nakapaligid na komunidad at pagkatapos ay panagutin ang mga pasilidad para matiyak na hindi na ito mangyayari muli.”

Kabilang sa tinugunang Mga Paunawa ng Paglabag na nasa pag-aayos ang:

- maikling mga paglabag ng mga limitasyon sa emisyon ayon sa sukat ng mga tagasubaybay sa kagamitan ng refinery;
- pagsingaw ng mga gas na may amoy na hindi nagresulta sa pagkagambala ng publiko;
- nabigong pagsusuri ng kawastuhan ng isang sistema ng pagsubaybay sa patuloy na emisyon;
- Mga paglabag sa programa ng Pagtuklas at Pag-aayos ng Tagas; o maliliit na mga administratibong paglabag.

Ang lahat ng paglabag na humantong sa pag-aayos na ito ay naitama na.

Nagbibigay ang Air District ng Mga Paunawa ng Paglabag kapag nilalabag ng mga pasilidad ang partikular na regulasyon o tuntunin sa kalidad ng hangin. Ang mga lumalabag ay karaniwang kailangang tumugon sa paunawa sa loob ng sampung araw at magsumite ng paglalarawan ng mga aksyon na gagawin nila para itama ang problema. Ang mga aksyon na ito ay maaaring kabilangan ng agarang pagpapatigil ng ilang operasyon, o pagbabago ng mga operasyon o kagamitan para sumunod.

Ang lahat ng pondo mula sa pag-aayos ay gagamitin para pondohan ang mga aktibidad ng Air District tulad ng inspeksiyon at pagpapatupad ng mga aktibidad na humantong sa pag-aayos na ito.

Ang [Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area](#) ay ang panrehiyong ahensiya na responsable para sa pangangalaga sa kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

###

Tanggapan ng Air District tungkol sa Mga Pakikipag-ugnayan
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
[Homepage ng Air District](#) | [Mga Inilabas na Balita](#)